

Ang Aking mga Karapatan sa Pangangalagang Pangkalusugan

**Isang gabay para sa mga tao
na may kapansanang kognitibo**



Ang mga tao na may kapansanang kognitibo ay may karapatang maging ligtas at masuportahan kapag tumatanggap ng pangangalagang pangkalusugan, tulad ng nakabalangkas sa Charter ng Australya sa mga Karapatan sa Pangangalagang Pangkalusugan (Australian Charter of Healthcare Rights).

Ang Charter ng Australya sa mga Karapatan sa Pangangalagang pangkalusugan (Australian Charter of Healthcare Rights) ay nagpapaliwanag sa mga karapatang ilalapat sa lahat ng mga tao sa lahat ng mga kalagayan ng pangangalagang pangkalusugan.

Inilalarawan ng Charter kung ano ang maaasan mo, o ng isang taong pinagmamalasakitan mo, kapag tumatanggap ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang patnubay na ito ay para sa mga taong may kapansanang kognitibo, mga tagapag-alaga, mga pamilya at mga sumusuportang tao. Layunin ng papel-kaalamang ito na magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili sa iyong ligtas at pagsuporta sa iyo kapag nasa ospital ka at sa iba pang mga kapaligiran sa pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang kapansanang kognitibo?

Ang mga tao sa anumang edad ay maaaring mabuhay na may kapansanang kognitibo dahil sa mga kondisyon tulad ng demensya, deliryo, natamong pinsala sa utak, stroke o kapansanang intelektuwal.

Ang kapansanang kognitibo ay maaaring isang permanente, tulad ng sa demensya, o pansamantalang karanasan, tulad ng deliryo.

Ang mga taong may kapansanang kognitibo ay maaaring may mga kahirapan sa memorya, damdamin, pag-iisip o pakikipag-usap. Iba't iba ang mga uri ng kapansanang kognitibo, at iba-iba ang nararanasan dito ng bawat tao.

Ang isang tao na namumuhay na may umiiral na kapansanang kognitibo, kabilang ang demensya, ay mas malamang na magkaroon din ng deliryo sa panahon ng kaniyang pananatili sa ospital.



Ano ang kailangan kong malaman?

Ipinag-uutos sa mga kapaligiran sa pangangalagang pangkalusugan na magbigay ng mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may kapansanang kognitibo at panatilihin silang ligtas.

Mayroong walong Pambansang Pamantayan sa Kaligtasan at Kalidad sa Serbisyong Pangkalusugan upang maprotektahan ang mga tao laban sa pinsala at upang mapagbuti ang kalidad ng pangangalagang pangkalusugan. Itinatakda ng mga Pamantayang ito ang antas ng pangangalaga para sa mga pasyente at dapat ipinapairal sa mga kapaligiran ng pangangalagang pangkalusugan.

Iba't ibang mga pangkat ng mga tao ang nagtutulungan upang mapanatiling ligtas ang mga taong may kapansanang kognitibo at sinusuportahan sa mga kapaligiran ng pangangalagang pangkalusugan. Kasama rito ang tao na may kapansanang kognitibo, mga tagapag-alaga, mga miyembro ng pamilya at mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan.



May karapatan kang makakuha ng **mga serbisyo ng interpreter at pagsasalinwika.** Napakahalaga para sa mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan na malaman **kung kailangan mo ng mga serbisyong ito.**

May magagamit na mga Serbisyo sa Pagsasalinwika at Interpreter 24 oras 7 araw: Telepono 131 450



Ano ang magagawa ko?

Para sa mga tao na may kapansanang kognitibo kabilang ang deliryo

May karapatan kang sabihin ito sa iyong mga doktor, nars at iba pang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan:

- kung sa anumang oras ay nawawala ka sa iyong sarili
- ang tulong ang kailangan mo
- ang mahalaga sa iyo
- ang iyong mga kagustuhan sa paggamot
- ang iyong pagpapalano sa paunang pangangalaga
- ang anumang gamot na iniinom mo sa ngayon.

May karapatan kang makatanggap ng malinaw na impormasyon tungkol sa iyong kalagayan, mga posibleng benepisyo at panganib ng iba't ibang mga pagsusuri at paggamot, upang makapagbigay ka ng may-kaalamang pahintulot.

May karapatan kang lumahok sa paggawa ng desisyon at masusuportahan upang gawin ito. Kung hindi ka makabigay ng pahintulot sa paggamot, ang kawani ay dapat kumuha ng pahintulot mula sa iyong kahalili o ligal na tagapag-desisyon, maliban kung may emerhensya.

May karapatan kang hilingin na ang iyong tagapag-alaga, isang miyembro ng pamilya o isang sumusuportang tao ay maging kasangkot, kung ito ang gusto mo.

May karapatan kang magamot sa isang ligtas, payapa at magalang na kapaligiran.

May karapatan kang masabihan kung may maling nangyari sa iyong pangangalaga.

Para sa mga miyembro ng pamilya at mga tagapag-alaga

Bilang isang miyembro ng pamilya o tagapag-alaga, maaari kang mag-ambag sa ligtas at may mataas na kalidad na pangangalaga at tiyakin na ang taong inaalagaan mo ay sinusupportahan at nakakaramdam na ligtas habang nasa kapaligiran ng pangangalagang pangkalusugan. Ang iyong pagiging kasangkot ay dapat laging batay sa mga pangangailangan at mga kagustuhan ng taong inaalagaan mo.

May responsibilidad kang:

- Ipaalam sa kawani ng pangangalagang pangkalusugan kung ang taong inaalagaan mo ay wala sa kaniyang normal na sarili sa pagpasok sa ospital o sa anumang oras ng kaniyang pananatili sa ospital.
- Ipaliwanag sa kawani ng pangangalagang pangkalusugan ang pang-araw-araw na gawi ng tao, anong tulong ang maaaring makatulong, at kung paano siya mapapayapa kung wala ka.
- Ibigay sa ospital ang pinakabagong (up-to-date) listahan ng lahat ng gamot na inireseta at di inireseta at ang mga dosis nito at dalhin lahat ng mga gamot sa ospital.



Ano ang maitutulong ng pamilya at mga tagapag-alaga?



KAUSAPIN ang kawani ng pangangalagang pangkalusugan kung ang tao na inaalagaan mo ay wala sa kaniyang sarili



IPAALALA sa iyong minamahal ang araw, petsa at sitwasyon



ILAGAY ang lahat ng salamin sa mata, pantulong sa pandinig (hearing aid), pantulong sa pagkilos, at pustiso sa malapit na lugar



DALHIN ang lahat ng mga kasalukuyang gamot



PAG-USAPAN ang tungkol sa pamilya, mga kaibigan at mga kilalang paksa

Tingnan ang mga sanggunian.



Ang pagsuporta sa mga tao na may kapansanang kognitibo sa paggawa ng desisyon ay pangunahing isyu kapag tumatanggap sila ng pangangalagang pangkalusugan.

- Ang isang tao na may kakayahang gumawa ng desisyon ay may karapatang gumawa ng mga **independiyenteng** desisyon tungkol sa kaniyang sariling buhay.
- Kung ang isang tao ay hindi makapagpasya nang mag-isa, mayroon siyang karapatang masuportahan, at tulungan sa paggawa ng mga desisyon ng suportang tao na kaniyang pinili tulad ng isang tagapag-alaga ng pamilya o kaibigan - tinatawag itong **suportadong paggawa ng desisyon**.
- Kung at sakaling ang isang tao ay walang kakayahang gumawa ng desisyon, siya o ang tribyunal ay maaaring magtalaga ng ibang tao nang maaga, o maaaring italaga sa ilalim ng mga batas ng Estado at Teritoryo, sakaling walang naitalaga - tinatawag itong **kahalili sa paggawa ng desisyon**.

Kung maaari, dapat kang humingi ng pahintulot mula sa tao na inaalagaan mo na lumahok sa mga talakayan sa paggamot at mga desisyon tungkol sa patuloy na pangangalaga. Isangkot ang tao hangga't maaari sa talakayan.

Ano ang maaasahan ko?

Mula sa kawani ng pangangalagang pangkalusugan

Lahat ng kawani ng pangangalagang pangkalusugan ay kinakailangang magbigay ng ligtas, magalang at mataas na kalidad na pangangalaga para sa mga taong may kapansanang kognitibo, kabilang ang pagkuha ng serbisyo ng isang interpreter o pagsasalinwika kung kinakailangan.

Kailangang kilalanin ng lahat ng mga organisasyong pangkalusugan kung ang isang pasyente ay may kapansanang kognitibo at makipagtulungan sa tao, mga tagapag-alaga at mga pamilya sa isang ligtas, kalmado at magalang na kapaligiran.

Bilang bahagi ng Pambansang mga Pamantayan sa Kaligtasan at Kalidad ng Serbisyonang Pangkalusugan, lahat ng mga organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan ay kinakailangang magsuri para sa kapansanang kognitibo, at tumugon sa mga pagbabago sa kalagayan ng pasyente. Dapat kilalanin ng kawani ng pangangalagang pangkalusugan ang mga taong nasa peligro ng deliryo at magpairal ng mga hakbang upang mabawasan ang pinsala bilang isang kahingian ng Pamantayan 5: Komprehensibong Pamantayan sa Pangangalaga.





Paano kung ang mga bagay-bagay ay hindi umayon sa plano?

Mga Proseso ng Feedback at mga Reklamo

Ang mga samahang pangkalusugan, kabilang ang mga ospital, ay pinahahalagahan ang iyong feedback. Tinutulungan nito ang organisasyon na maunawaan kung ano ang mahusay nitong ginagawa, at kung ano ang maaaring pang pagbutihin. Kung mayroon kang reklamo tungkol sa iyong pangangalaga o sa tao na inaalagaan mo, subukang lutasin ito nang direkta sa organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi tumugon ang organisasyon, o hindi ka nasisiyahan sa natanggap mong tugon, maaari kang makipag-ugnay sa awtoridad sa mga reklamong pangkalusugan ng iyong estado.

Kung ang mga bagay-bagay ay hindi umayon sa plano, mayroong isang pormal na proseso na tinatawag na **Malayang Pagsisiwalat (Open Disclosure)**. Ang Open Disclosure ay ang talakayan sa pagitan ng organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan at ng tao, kaniyang pamilya, tagapag-alaga at iba pang mga suportang tao tungkol sa mga insidente na nangyari sa panahon ng pangangalaga na nagdulot ng pinsala sa pasyente. Upang malaman ang higit pa tungkol sa Open Disclosure, mangyaring tingnan ang karagdagang impormasyon sa susunod na pahina.

Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon?

Mga kapaki-pakinabang na website

- Charter ng mga Karapatan sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Australya (Australian Charter of Healthcare Rights): safetyandquality.gov.au/australian-charter-healthcare-rights
- Impormasyon tungkol sa Malayang Pagsisiwalat para sa mga konsyumer: safetyandquality.gov.au/our-work/clinical-governance/open-disclosure/implementing-open-disclosure-framework/open-disclosure-resources-consumers
- Mga Pangunahing Mungkahi para sa Ligtas na Pangangalagang Pangkalusugan: safetyandquality.gov.au/publications-and-resources/resource-library/top-tips-safe-health-care
- Pangangalaga para sa Pinsalang Kognitibo: cognitivecare.gov.au
- Demensya Australya (Dementia Australia): Helpline 8.00 ng umaga at 8.00mng gabi EST, Lunes hanggang Biyernes, 1800 100 500: dementia.org.au
- Paunang Pagpaplano sa Pangangalaga sa Australya (Advance Care Planning Australia): advancecareplanning.org.au/#/
- Sentro ng Pagtutuwang sa Kognitibong Paghina (Cognitive Decline Partnership Centre): cdpc.sydney.edu.au/research/planning-decision-making-and-risk
- Samahan ng Deliryo sa Australya (Australian Delirium Association): delirium.org.au
- Pinsala sa Utak sa Australya (Brain Injury Australia): 1800 272 461: braininjuryaustralia.org.au

Mga Sanggunian

1. Sinclair C, Field S, Williams K, Blake M, Bucks RS, Auret K, Clayton J, Kurrle S. Pagsuporta sa paggawa ng desisyon: Isang gabay para sa mga tao na namumuhay na may demensya, mga miyembro ng pamilya at mga tagapag-alaga sa Sydney: CDPC; 2018.
2. Inangkop mula sa: Dementia Australia.

Pagkilala

Ang mapagkukunang ito ay binuo sa pakikipagtulungan sa Dementia Australia, mga taong namumuhay na may demensya, at mga tagapag-alaga.

Mga Kapaki-pakinabang na Kahulugan:

Kasama sa **mga kapaligiran sa pangangalagang pangkalusugan** ang mga pampubliko at pribadong ospital, mga operasyon na pang-araw, mga serbisyong outpatient, rehabilitasyon at mga ospital sa ngipin, at kapag lumilipat-lipat sa mga kapaligirang ito ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang **Demensya** ay isang koleksyon ng mga sintomas na sanhi ng mga karamdaman na nakakaapekto sa utak. Ito ay hindi isang partikular na sakit lamang. Ang demensya ay maaaring makaapekto sa pag-iisip, pag-uugali at kakayahang magsagawa ng pang-araw-araw na gawain. Ang pag-andar ng utak ay lubos na naapektuhan upang makagambala sa normal na buhay-panlipunan, pang-emosyonal o pagtatrabaho ng isang tao.

Ang **Deliryo** ay isang pansamantalang kondisyon. Ang isang tao ay maaaring makaramdam ng pagkalito, pagkabalisa at hindi makapagtuon ng pansin. Ang deliryo ay maaaring magkaroon ng malubhang kahihinatnan kung hindi ginagamot, ngunit maaari itong baligtarin kung ang mga sanhi ay matatagpuan at magagamot. Ang deliryo ay maaaring sanhi ng mga gamot, impeksyon, pagkatuyot o paninigas ng dumi.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang
safetyandquality.gov.au/your-rights